Part 1

Pananda ng mga hakbang laban sa ilegal na access

Maayos ba ang inyong personal computer?
(Para sa mga gumagamit ng personal computer)

Hindi awtorisadong pag-access

Ang ilegal na access ay nangangahulugan ng hindi awtorisadong pag-access sa isang network na ipinatupad noong ika-13 ng Pebrero, 2000 sa ilalim ng Act on the Prohibition of Unauthorized Computer Access (Unauthorized Computer Access Law) (*1). Ito ay isang gawain o akto na tulad ng mga nababanggit sa ibaba.

- Akto o gawain na nag-aaccess sa kontrol (*3) ng isang computer at sumasalakay dito sa pamamagitan ng kahinaan (security hole) (*2) ng OS, application, o hardware ng computer (akto ng pagsalakay).
- Paggamit ng user ID o password ng isang tao (*4) nang walang sapat na pahintulot mula sa may-ari nito upang gumamit ng serbisyo na nakalaan para sa may-ari ng account ("Spoofing Act").
- Pagbibigay ng user ID at password ng isang tao sa ikatlong partido nang walang pahintulot mula sa may-ari nito.

Ang bookmark na ito ay para sa mga gumagamit ng personal computer. Tandaan na ito ay hindi sapat upang maiwasan ang ilegal na access sa network ng kumpanya (organisasyon), kaya't kinakailangan ang ibayong pag-iingat.

Halimbawa, ganitong istorya

・Patibong ng password

Si Ginoong A ay madalas na lumalahok sa mga Internet auction at siya ay madalas na bumibili at nagbebenta ng mga baseball cards. Ginamit ni Ginoong A ang kanyang pangalan bilang password upang hindi niya malimutan ang kanyang user ID at password sa tuwing maglolog in siya sa isang auction.

Isang araw, nang sinubukan niyang mag-log in sa isang auction, lumabas ang mensahe na "Password is different" (na nangangahulugan na iba ang password para sa account) at kahit ilang beses pa niya itong sinubukan, hindi talaga siya makapag-log in. At dahil sa wala naman siyang naaalala na nagpalit siya ng password, nakipag-ugnayan siya sa kumpanyang nangangasiwa sa auction, at mula sa kanila, napag-alaman niya na napalitan nga ang kaniyang password.

Ito ay resulta ng paggamit ng madaling password. Ang password na ginamit niya sa auction ay madaling hulaan kaya't ito ay madaling nanakaw.

・Patibong ng palaging bukas na koneksyon

Si Ginoong B ay gumagamit ng Internet para sa kaniyang CATV (cable TV). Dahil sa wala naman dagdag na bayad para sa koneksyon ng Internet, hindi siya nag-aalala sa panahon na siya ay nakakonekta dito, kaya't ito ay hinahayaan lamang niya na bukas.

Hindi mahalaga para kay Ginoong B ang seguridad at hindi siya nagsasagawa ng mga update (Microsoft Update at iba pa) na nagtatama sa mga security hole (kahinaan).

Hanggang sa isang araw, nang gagamitin na ni Ginoong B ang kanyang koneksyon, nakatanggap siya ng mensahe na "suspending access immediately and carrying out required management, since a certain government organization is attacked from Mr. B's personal computer" (nangangahulugan na ang access sa internet ay sinuspinde at nagsasagawa ng kinakailangang imbestigasyon dahil sa mayroong isang organisasyon ng pamahalaan na inatake gamit ang personal computer ni Ginoong B), mula sa isang organisasyon ng seguridad ng impormasyon at koneksyon. Dali-daling pinutol ni Ginoong B ang kanyang koneksyon sa Internet.

Dahil sa palaging konektado sa internet ang personal computer ni Ginoong B, ito ay nasa isang walang kalabang-labang estado, lingid sa kaalaman ni Ginoong B, at dahil sa estadong nagamit ng kawatan ang nasabing personal computer sa pag-atake sa iba.

・Patibong ng wireless LAN

Ang pamilya ni Ginoong C ay gumagamit ng dalawa o higit pang personal computers. Dahil sa nais gamitin nang bawat miyembro ang kanilang sariling personal computer sa kanilang sariling silid, napagdesisyunan nila na gumamit na lamang ng wireless LAN, na magbibigay sa bawat computer ng kakayanan na kumonekta sa Internet nang hindi gumagamit ng LAN cable. Nang magkaroon sila ng kagamitan para sa wireless LAN, hindi nila binasa ang mga direksyon sa paggamit nito, basta na nila ginamit ang nasabing kagamitan nang walang binabago sa mga settings nito.

Matapos ang ilang linggo ng paglalaro ng mga online games, napansin nila na naging mabagal ang kanilang personal computer, at bagamat hindi ginagamit ang personal computer, patuloy pa rin na nagbi-blink ang access lamp ng hard disk nito.

Isang araw, may dumating na bill mula sa kumpanya ng credit card. Nang suriin ang nasabing bill, nakasaad rito na ang kanilang credit card ay ginamit para sa online shopping, ngunit ni isa sa kanilang pamilya ay walang naaalala na ginamit ito.

Ang numero at impormasyon ng credit card ni Ginoong C ay naka-save sa kanilang mga personal computer upang magamit ito sa online shopping nang sinumang miyembro ng kanyang pamilya, ngunit dahil sa hindi maayos ang seguridad ng kanilang kagamitan para sa wireless LAN, ang nasabing file ay na-access ng ibang tao at ginamit para sa online shopping.

Sa kasong ito, ang naging sanhi ng ilegal na access sa kanilang computer ay ang "madaling password at setup", "hindi pagkakaayos sa security hole o kahinaan ng seguridad", at "madaling kontrol sa access". Ang halimbawang ito ay maaring mangyari sa sinumang gumagamit ng Internet. Kaya't simula ngayon, gamitin ang mga hakbang laban sa seguridad upang maayos at matiwasay na magamit ang koneksyon sa Internet.

1. Gamitin ang Update program (patch) (mga hakbang laban sa pagsalakay)

Ang mga depekto (kahinaan) sa seguridad ng mga OS, tulad ng Windows, Macintosh, Linux, at mga Internet browser tulad ng Internet Explorer, Firefox at iba pa ay maaring maging sanhi ng mga problema sa seguridad.

Ang depekto sa seguridad ay tinatawag na security hole (kahinaan). Kung ang ginagamit na OS at application ay mayroong security hole, ito ay mas madaling pasukin ng virus at mas madaling ilegal na ma-access, dahil dito, mas malaki rin ang panganib na manakaw o mabura ang mga personal na data at impormasyon ng may-ari.

Upang maiwasan ang ganitong uri ng panganib, mahalaga ang paggamit ng update program (patch) na siyang mag-aayos sa anumang security hole ng OS o application. Ang update program ay isang uri ng program na ginawa ng mga lumikha ng software na naglalayon na magawa o maisaayos ang mga security hole.

Para sa mga gumagamit ng Windows, i-set ang automatic update na makikita sa Microsoft Update. Ang patch na ipinamamahagi ng Microsoft Corp. ay para sa OS, Internet Explorer, mga programa ng Microsoft Office, at iba pa.

- **Microsoft Update**
  http://www.update.microsoft.com/microsoftupdate/v6/

Mababasa mula sa Website na makikita sa ibaba ang mga direksyon kung paano ito gamitin.

- **Paano ang gamitin ng Microsoft Update**
  http://www.microsoft.com/japan/protect/computer/updates/mu.mspx

.

2. Ingatan ito bagamat ito ay isang password lamang (hakbang laban sa spoofing).

Ang mga information system (serbisyo) ay humihingi mula sa bawat indibidawal (ikaw) na gumagamit nito ng kombinasyon ng user ID at password. Bagamat mayroon ilang information system na nagtatalaga ng kakaibang user ID para sa bawat indibidwal, ang bawat indibidwal na ito naman ang siyang lilikha ng sarili nilang password (magpapalit). Kapag ang user ID at password ay ibinigay ninyo sa iba o nanakaw mula sa inyo, maari itong gamitin ng ibang tao sa pagpapanggap bilang kayo upang magkaroon ng access sa pinangangalagaan ninyong information system.

Sa pamamagitan nito, maaring ma-access ang inyong online bank, kung saan maari silang makapag-withdraw o di kaya naman ay magamit ang inyong account sa pagsali sa mga online auction, kung saan kayo ang magbabayad para sa mga mamahaling bagay o kagamitan na kanilang bibilhin.

Ang kombinasyon ng inyong User ID at password ang tanging paraan ng isang information system upang kayo ay makilala kaya't siguruhin na hindi ito madaling hulaan, huwag na huwag rin itong ipapaalam sa iba, at regular na palitan ang inyong password.

Halimbawa ng paggawa ng password:

(1) Pagsamahin ang malalaki at maliliit na letra, numero, at pananda. Pagsama-samahin ang mga pananda (!, #, at iba pa), numero, at mga character ng alpabeto sa pamamaraan na tumutugma sa pamantayan ng inyong sistema.

(2) Mahabang password
Mahigit sa walong letra

(3) Gumamit ng password na hindi ninyo malilimutan at mahirap hulaan. Mas makababuti kung ang pagkakaayos ng mga character ay walang layunin at walang kahulugan.

Mga hakbang laban sa pagnanakaw ng password:

(1) Regular na palitan ang password.
(2) Huwag itong isulat sa isang papel.
(3) Huwag i-save sa personal computer.
(4) Huwag itong ipaalam sa ibang tao.

3. Mga pag–iingat sa oras ng koneksyon sa Internet (mga hakbang laban sa pagsalakay)

Kapag ang personal computer ay nakakonekta sa Internet sa bahay o ibang lugar, ito ay maaring nasa estado na madaling ilegal na ma–access (akto ng pagsalakay), batay sa pamamaraan ng koneksyon.

Sa mga koneksyon na gumagamit ng pampublikong linya (linya ng telepono na naglalaman rin ng koneksyon para sa mobile phone) at modem, tumataas ang posibilidad na ilegal na ma–access ang inyong personal computer kapag kayo ay konektado sa Internet. Sa mga ganitong pagkakataon, pinapayuhan namin kayo na gumamit ng security software para sa seguridad ng inyong personal computer.

Sa mga koneksyon na gumagamit ng ADSL line at modem, ang mga makabagong ADSL modem ay kadalasan mayroon na rin router function. sa pamamagitan ng router function na ito, bumababa ang panganib na ilegal na ma–access ang inyong mga personal computers kapag konektado na sa Internet, ngunit kapag ang setup ng nasabing router function ay mali, tumataas naman ang posibilidad na ilegal na ma–access ang inyong personal computer. Kung iseset ninyo ang router function sa ganitong pamamaraan, gumamit ng software para sa seguridad magbibigay ng proteksyon sa inyong personal computer mula sa ilegal na pag–access na ipapaliwanag sa mga susunod pang bahagi.

Kapag ang personal computer ay direktang nakakonekta sa Internet, at walang ibang dinadaan na kagamitan na tulad halimbawa ng isang CATV circuit o cable modem, o koneksyon na gumagamit ng fiber optics circuit at VDSL modem, mas mataas ang posibilidad na ilegal itong ma–access mula sa panig ng Internet.

Kapag ang personal computer ay direktang nakakonekta sa Internet, mataas ang posibilidad na ilegal itong ma–access mula sa panig ng Internet.

Sa ganitong pagkakataon, inirerekomenda namin ang paggamit ng router o firewall apparatus. Gayunpaman, ang mga ganitong uri ng kagamitan ay makakatulong lamang kung ito ay naaangkop sa inyong koneksyon at maayos ang setup. Kung mali ang setup ng router o firewall apparatus, tumataas ang posibilidad ng ilegal na ma–access ang inyong personal computer. Sa pagse–setup, gumamit ng software para sa seguridad na magbibigay ng proteksyon sa inyong personal computer mula sa ilegal na pag–access na ipapaliwanag sa mga susunod pang bahagi.

Sa mga lugar kung saan maraming iba't–ibang tao ang gumagamit ng iisang LAN, tulad halimbawa ng mga pampublikong wireless LAN hot spot, LAN–access sa mga hotel, at iba pa, maari kayong salakayin ng ibang gumagamit ng parehong LAN habang gumagamit kayo ng Internet. Sa mga ganitong pagkakataon, gumamit ng software para sa seguridad na magbibigay ng proteksyon sa inyong personal computer mula sa ilegal na pag–access na ipapaliwanag sa mga susunod pang bahagi.

4. Setup para sa pag–iwas sa ilegal na access

① Kanselahin ang file sharing setup.

Kung ang isang personal computer ay nakakonekta sa isang LAN sa isang hotel, ang buong network ay makikita sa My Network, at lahat ng mga folders sa ibang personal computer na nakakonekta sa parehong LAN ay maaring makita. Ito ay dahil sa ang kanilang file sharing setup ay naka–set sa ganitong paraan. Sa ganitong setup, para mo na ring sinasabi na “Tingnan ninyo ang mga laman ng aking personal computer”. Kapag konektado kayo sa isang LAN na mayroong iba’t–ibang gumagamit, pansamantalagang kanselahin ang inyong file sharing.

Kapag ang sharing setup ng isang computer ay gumagana, ang icon ng nasabing folder ay magiging katulad ng hitsura ng icon na makikita sa kaliwa.

Upang makita ang setting para sa sharing ng isang folder, itapat ang inyong mouse pointer sa folder, “right click” →″Properties″ → ″Sharing″.

Kapag ang gamit na OS ay Windows XP Professional Edition, makikita ninyo ang screen na tulad ng nasa kaliwa [Tandaan na kung Windows XP Home Edition ang ginagamit, iba ang inyong makikita (screen sa kanan)].



② Pagpapalit ng settings ng Local Area Connection.

Higit sa rito, inirerekomenda namin na palitan ang setting ng inyong Local Area Connection, at huwag palabasin ang inyong personal computer sa Microsoft Windows Network.

Pamamaraan ng paggawa:
"Start" → → "Control Panel" → "Network and Internet Connections" → itapat ang mouse pointer sa "Local area connection" at pindutin ang right-click → "Properties" → "Local Area Connection Properties"



Tanggalin ang mga tsek sa mga checkbox maliban sa checkbox ng "Internet Protocol (TCP/IP)".

Matapos piliin ang "Local Area Connection Properties" → Piliin ang "Internet Protocol (TCP/IP)" → i-click ang "Advanced" → i-click ang "WINS" → piliin ang "Disable NetBios over TCP/IP"





(Mga Tala)

Huwag kalilimutang ibalik sa orihinal ang mga settings kapag gamit na ninyo ang network na madalas o sadya na ninyong ginagamit.

Kapag isinagawa ninyo ang setup na nauna nang ipinakita, hindi ninyo magagamit ang file sharing sa isang network printer o isang network.

Kung hindi kayo gumagamit ng network printer o file sharing, walang magiging problema sa paggamit ng setup na ito.

5. Rekomendasyon ng paggamit ng firewall software (integrated security software)

Ang firewall ay isang mahalagang kagamitan laban sa ilegal na access. Maliban sa paggamit ng mga anti-virus at anti-spyware software, inirerekomenda namin ang paggamit ng integrated security software ng isang OS o firewall o isang personal na firewall software. Binabantayan ng firewall ang pagpapalitan ng mga data na namamagitan sa isang personal computer at Internet. Kapag may napansin itong data o file na maaring makasama sa personal comouter, poprotektahan nito sng personal computer sa pamamagitan ng paghadlang o pag-block sa nasabing file o data.

Higit sa rito, kung halimbawang gumamit kayo ng isang personal computer na mayroong spyware, at sinubukan ng spyware na ito na magpadala ng inyong personal na impormasyon sa ibang personal computer, magpapakita ng babala ang firewall, sa pamamagitan nito, maiiwasan ang higit pang pinsala.



Sa mobile environment, hindi gumagamit ng router o firewall, dahil dito, pinapayuhan namin kayo na gamitin ang firewall function ng inyong personal computer o mag-install kayo ng isang integrated security software na mayroong sariling firewall.

Kung Windows XP ang ginagamit ninyo, inirerekomenda namin na gamitin ninyo ang Windows firewall na kasama ng OS.

Bagamat may kakayahan ang Windows firewall na i-block o hadlangan ang masasamang program mula sa Internet, hindi naman nito kaya na i-block o hadlangan ang anumang masamang program na nasa loob na mismo ng inyong personal computer (sa Windows Vista, sunod na OS sa Windows XP, ang pag-block o paghadlang sa mga atake mula sa magkabilang panig ay posible na). Gayunpaman, epektibo pa rin ang pag-atake sa mga kahinaan ng OS at mga applications na ginagawa ng mga masasamang-loob. Kaya kung hindi ninyo ginagamit ang integrated security software o firewall na may kakayahan na gumamit ng personal na firewall software, inirerekomenda namin na gamitin na ninyo ang feature na ito.

Pamamaraan ng Paggawa:
"Start" → "Control Panel" → "Windows Security Center" → "Windows firewall"



6. Pundasyon ng Wireless LAN

Ang wireless LAN ay isang maginhawang kaayusan ng network na maaring gamitin sa bahay man o opisina.

Ang kagamitan para sa wireless LAN ay naglalabas ng mga electric waves, na siyang magsisilbing signal para sa mga personal computers upang makakonekta ang mga ito sa Internet. Sa ganitong kaayusan, hindi na kinakailangan pang gumamit ng mga network cable. Gayunpaman, kapag hindi isinaayos ang security setup ng ganitong kaayusan, mayroong panganib na manakaw ang impormasyon na nilalaman ng mga personal computers nang hindi napapansin ng nagmamay–ari ng mga ito.

Ang mga makabagong kagamitan para sa wireless LAN ay mayroong security setup na kailangang ayusin.

Sa pamamagitan ng mga paalalang nakalista sa ibaba, makasisiguro kayo na magagawa ninyo ang mga kinakailangang hakbang (para sa mga detalye, basahin ang mga manwal ng instruksyon na kasama ng inyong kagamitan para sa wireless LAN).



■ **Wireless LAN access point (pangunahing telepono)**

☐ I-set ang WPA2/WPA (*5).

* Dahil sa mga kahinaan na natuklasan sa WEP (*6), huwag na itong gamitin.

☐ I-set ang SSID (*7)

☐ I-set ang Filtering by MAC Address (*8).

☐ Tanggihan ang anumang koneksyon tangka ng koneksyon mula sa mga hindi kilalang terminal.

■ I-set ang personal computer sa paraan na tutugma sa settings ng access point.

7. Siguruhin na mayroon kayong back up ng mga data para sa panahon ng emerhensiya

Kapag ang isang personal computer ay nagkaroon ng malicious program o ang system ay nabago, o kung ito ay ilegal na ma-access ng iba (nasalakay), may mga pagkakataon na kinakailangan itong ibalik sa dati o i-restore. Ugaliin ang pagba-back up ng inyong mga data araw-araw. Higit sa rito, itabi ang orihinal na CD-ROM na naglalaman ng mga orihinal na application. Kapag ang mga nilalaman ng hard disk ay nasira mula sa ilegal na access, dapat itong ibalik sa dati o i-restore sa pamamagitan ng pagre-reinstall mula sa orihinal na CD-ROM, at iba pa.



[System Restore Function]

Ang Windows XP ay may kakayahan na ibalik sa dati o i-restore ang system. Kapag ang function na ito ay ginamit, maaring ibalik ang system sa dati nitong estado.

Halimbawa, kapag ang system ay nabago sa pamamagitan ng ilegal na access (nasalakay), maari itong ibalik sa dating estado bago ito binago sa pamamagitan ng

System Restore. Kapag mayroon kayong file o program na ginamit at sa palagay ninyo ay mayroong kakaiba sa operasyon nito, inirerekomenda namin na gamitin na ninyo ang System Restore. Tingnan ang mga sumusunod na sites para sa detalyadong hakbang.


Paraan (Microsoft Corp.) ng pagbabalik sa dati o pagre-restore ng Windows XP gamit ang System Restore function.

http://support.microsoft.com/default.aspx?scid=kb;ja;306084

8. Kung magkaroon ng sira o pinsala…

Kung sa inyong palagay ay nagkaroon ng mga malicious program sa inyong personal computer mula sa ilegal na pag-access dito, isailalim muna ang nasabing personal computer sa inspeksyon sa pamamagitan ng isang updated na security software (anti-virus o anti-spyware software). Kapag hindi ninyo matanggal o maalis ang malicious program, maghanap ng impormasyon tungkol sa nasabing program mula sa website ng security software, at gawin ang mga hakbang (ng pagtatanggal) na makikita sa website.

Para sa mga walang security software, kung mayroong koneksyon sa Internet, maaring malaman ang pangalan ng malicious program sa pamamagitan ng paggamit ng libreng online scans (online check para sa malicious programs) na ibinibigay ng mga kumpanyang gumagawa ng security softwares. Kapag alam na ang pangalan ng malicious program, maghanap ng impormasyon tungkol dito mula sa parehong website na nagsagawa ng scan, at alamin ang mga hakbang na maaring gawin upang matanggal ang nasabing program.

9.Sanggunihing impormasyon

Sumangguni sa mga sumusunod na mga artikulo at hakbang.

- **Hakbang laban sa ilegal na access**
  http://www.ipa.go.jp/security/fusei/ciadr.html
- **FAQ o madalas na katanungan ukol sa ilegal na access ng computer**
  http://www.ipa.go.jp/security/ciadr/faq01.html
- **security at home : Ang computer ay protektado (Microsoft Corp.)**
  http://www.microsoft.com/japan/protect/

10. Pagpaliwanag ng mga salita

(*2) Kahinaan

Sa larangan ng information security, ang kahinaan ay tumutukoy sa mga pagkakamali o mahinang bahagi sa disenyo ng isang system, network, application, o protokol ng pagpagsasagawa na maaring maging sanhi ng hindi inaasahang pangyayari. Ito ay maaring kahinaan ng operating system o kahinaan ng isang application. Higit sa kahinaan ng applications, ang kakulangan ng security setup ay maari rin maging sanhi ng kahinaan ng buong system. Ito ay kilala rin sa tawag na security hole.

(*3) Access control (access control)

Sa computer security, ang may–ari o Administrator ang may kontrol kung sino ang bibigyan ng awtorisasyon o pahintulot na ma–access ang mga resources ng isang computer system.

(*4) User ID at password

Batay sa Act on the Prohibition of Unauthorized Computer Access, ito ay tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang gumagamit ng system. Bagamat maari rin gumamit ng marka, tatak ng daliri o fingerprint, lagda, tunog, anino, at iba pa, bilang pagkakakilanlan ng isang gumagamit, tanging user ID at password lamang ang ginagamit sa tekstong ito.

(*5) WPA2/WPA (Wi–Fi Protected Access)

Ito ay isang pamantayan ng seguridad para sa computer networks na nilikha ng Wi–Fi Alliance bilang kapalit ng WEP. Nilikha ito upang tugunan ang kahinaan ng WEP at mas palakasin ang seguridad.

Ang WPA2 ay mas bagong bersyon ng WPA na gumagamit ng AES (Advanced Encryption Standard), ito ay isang mas makapangyarihang algorithm.

(*6) WEP (Wired Equivalent Privacy)

Ito ay isang security algorithm na nilikha para sa IEEE na gumagamit ng RC4 algorithm bilang batayan.

Gayunpaman, maraming kahinaan ang natuklasan at naiulat tungkol sa WEP.

(*7) SSID (Service Set IDentifier)

Ito ay isang ID o pagkakakilanlan ng isang access point (AP).

Ito ay kilala rin sa tawag na ESSID.

(*8) MAC Address (Media Access Control Address)

Isang walang katulad na ID o pagkakakilanlan na nakatalaga sa isang wireless LAN adapter (wireless headset).

* Ang mga datos na ito ay independyenteng administratibong ahensya. Ang mga datos na ito ay mula sa Information Technology Promotion Agency security center, na matapos isalin ng pamahalaang ng Japan, ay ipapamahagi sa bawat bansa na kabilang sa ASEAN.
Higit sa rito, ang paggamit, pagbabago, pagkopya, pagpapadala, at pagsasahimpapawid ng mga datos upang pagkakitaan na walang sapat na pahintulot mula sa pamahalaan ng Japan ay mahigpit na ipinagbabawal.
(Para sa mga katanungan: Information Security Center, Kalihiman ng Gabinete) （NISC）〒100-0014　2-4-12　Nagata-cho　poc@nisc.go.jp）

ASEAN・JAPAN
Information Security Awareness

Notes:

Part 2


Seguridad ng
Impormasyon para
sa mga SMEs
at Diagnostic Pamphlet

Bagong Edisyon

Para sa inyo, mga tagapangasiwa ng maliliit-at-katamtamang laki na negosyo

Limang minuto lang!

Para sa inyo, mga tagapangasiwa ng maliliit-at-katamtamang laki na negosyo

Ang maliit na pagkakamali ay maaring magdulot ng malaking problema!

Bukod sa abalang idudulot nito sa kustomer, dahilan rin ito upang mabawasan ang kanilang tiwala sa inyong kumpanya.

Dahil sa nalantad ang personal na impormasyon ng mga kustomer, mawawalan sila ng tiwala sa inyong kumpanya.

Ang kustomer ay mapapadalhan ng email na naglalaman ng virus na maaring maging sanhi ng suspensyon ng inyong negosyo!

Ang mga data tungkol sa bagong produkto ay nawala at mahuhuli ang pagbebenta nito!



Bago ang lahat, i-tsek ang sitwasyon ng seguridad ng inyong kumpanya sa loob lamang ng limang minuto gamit ang "Diagnostic Sheet ng Kumpanya!" !

Kaya itong gawin sa loob ng 5 minuto

Diagnostic sheet ng kumpanya

Ang diagnostic pamphlet na ito ay para sa information security ng maliliit-at-katamtamang laki na negosyo

Tungkol sa pamamahala ng impormasyon

Ano ang resulta ng ginawa ninyong tsek gamit ang diagnostic sheet para sa kumpanya? Ang mga aytem na pinili maliban sa “paglalabas” ay kinakailangang gawin batay sa mga hakbang na nakalarawan sa ibaba.

Bilang **1** sa diagnostic sheet ng kumpanya — Tungkol sa pag-iimbak

Ang mga kritikal na impormasyon na iniiwan lamang na nakakalat sa isang mesa ay nanganganib na manakaw ng iba. Kinakailangang itago at pangalagaan ang mga kritikal na impormasyon upang masiguro na walang ibang makakakita o makakakuha nito maliban sa mga taong dapat mangasiwa nito.

Halimbawa ng isang hakbang

Panatilihing malinis at maayos ang mesa. Gumamit ng isang aklatan o lalagyan na mayroong kandado.

Bilang **2** sa diagnostic sheet ng kumpanya — Tungkol sa paglalabas

Sa tuwing dadalhin ang mga kritikal na impormasyon papalabas ng opisina, mayroong panganib na ito ay manakaw o maiwala nang dahil sa kapabayaan.
Kung sa simula pa lamang ay lalagyan na ng password ang mobile phone at personal computer o ang data file at iba pa, maiiwasan na makita ng iba ang impormasyon sakaling manakaw o mawala mga ito.

Halimbawa ng isang hakbang

Kung dadalhin sa labas ang mga kritikal na impormasyon, gumamit ng security system, lagyan ng password ang notebook PC, USB memory, mobile phone, at personal digital assistant at mahigpit na pag-ingatan ang mga ito.

Bilang **3** sa diagnostic sheet ng kumpanya — Tungkol sa pagtatapon

Kung ang mga dokumentong naglalaman ng mga kritikal na impormasyon ay basta na lamang itatapon sa basurahan, ito ay maaring mapasakamay ng ibang tao na maaring maging sanhi ng aksidenteng paglabas ng impormasyon. Ang paggupit o paggamit ng shredder upang sirain ang mga dokumentong naglalaman ng kritikal na impomasyon ay isang hakbang upang maiwasan ang paglabas ng impormasyon at iba pa.

Halimbawa ng isang hakbang

Ang mga importanteng dokumento, CD, at iba pa ay hindi dapat basta itapon sa basurahan. Sirain muna ang mga ito gamit ang shredder at iba pa.

Bilang **4** sa diagnostic sheet ng kumpanya — Tungkol sa pagtatapon

Bagamat ang mga impormasyon na naka-save sa storage media na tulad ng personal computer at CD/USB memory ay nabura na gamit ang “delete function” at iba pa, maari pa rin muling maibalik ang mga ito gamit ang “restoration tool” at iba pa. Upang masiguro na nabura na o wala na ang mga nasabing impormasyon mula sa personal computer o storage medium, kinakailangang gumamit ng software na para sa pagbubura ng mga impormasyon.

Halimbawa ng isang hakbang

Itapon ang mga ito matapos na gamitin ang software o matapos itong ipasira sa isang espesyal na kontratista at iba pa.

Ayon sa inyo, “Walang “kritikal na impormasyon” ang aming kumpanya.” Ngunit wala bang data ang inyong kumpanya?

- Paraan ng pakikipag-ugnayan sa bisita o kustomer
- Adres at impormasyon tungkol sa suweldo ng mga empleyado
- Impormasyon tungkol sa accounting ng kumpanya
- Rekord ng mga transaksyon at halaga ng mga ito ng bawat kustomer
- Impormasyon tungkol sa mga bagong produkto na maaring malagay sa alanganin kapag napasakamay ng kalaban sa negosyo.
- Information which dealt with it from the customer and was called cautions

Ang diagnostic pamphlet na ito ay para sa information security ng maliliit-at-katamtamang laki na negosyo

Tungkol sa opisina

Bagamat mas kombenyente ang paggamit ng maliliit na personal computer, smart phone, at personal digital assistant, mas madali naman na manakaw ang mga ito. Ang mga kontrol sa kaligtasan ng isang opisina ang pangunahing pundasyon ng seguridad.

Bilang **5** sa diagnostic sheet ng kumpanya — **Tungkol sa opisina**

Ang impormasyon ay maaring manakaw kung hindi lilimitahan ang pagpasok ng ibang tao maliban sa mga taong may kaugnayan sa kumpanya. Kung mayroong hindi awtorisadong tao na kinakailangan lumapit sa server, silid-aklatan, o kaha-de-yero, pigilan sila mula sa paghawak ng kahit na ano.

Halimbawa ng isang hakbang

Kung mayroong hindi kilalang tao sa inyong opisina, kausapin ang mga ito at alamin kung ano ang kailangan, o kaya naman ay magtalaga ng isang resepsyonista.

Bilang **6** sa diagnostic sheet ng kumpanya — **Tungkol sa opisina**

Kombenyente ang pagdadala ng notebook PC, personal digital assistant, at USB memory, ngunit kaakibat ng kaginhawaang ito ang higit na panganib na manakaw ang mga ito. Itago ang mga ito sa inyong kahon kung kayo ay aalis.

Halimbawa ng isang hakbang

Ilagay ang notebook PC, personal digital assistant, at iba pang kagamitan (CD, USB memory, external hard disk, at iba pa) sa isang kahon kung kayo ay aalis.

Bilang **7** sa diagnostic sheet ng kumpanya — **Tungkol sa opisina**

Makakatulong ang pagbibigay ng responsibilidad ng pagkakandado at pag-iiwan ng rekord ng oras ng pag-uwi sa pinakahuling tao na umaalis ng opisina. Maayos na pamahalaan ang pagkakandado at pag-rerekord.

Halimbawa ng isang hakbang

Ibigay ang responsibilidad ng pangangalaga ng susi, pagkakandado ng opisina, at pagre-rekord ng (oras, taong umalis) pag-alis at iba pa.

